Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG PEBRERO 16, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Louie C. de Leon | ......... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Ramon D. Tan | ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ......... | Kagawad |
| Kgg. Oscar F. Feliciano | ......... | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya | ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes | ..... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>nasa lakad opisyal |

## KAPASIYAHAN BLG. 063-T'2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 05-T'09/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 02-T'09 NG BARANGAY JASAAN, BAYANG ITO NA NAGPAPATIBAY SA TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG ANIMNARAAN APATNAPU'T ANIM NA LIBO PITUMPU'T APAT NA PISO AT LABING ANIM NA SENTIMOS (P646,074.16).**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 05-T'09 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 02-T'09 ng Sangguniang Barangay ng Jasaan na nagpapatibay sa taunang badyet para sa taong 2009 ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKA'T,** ito ay dumaan sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan.

**SAPAGKA'T,** anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sang. Brgy. ng Jasaan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Romulo A. Elca, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at Laura P. Obligacion at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 05-T'09 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 02-T'09 ng Barangay Jasaan, bayang ito na nagpapatibay sa Taunang Badyet para sa taong ito na nagkakahalaga ng P646,074.16.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Brgy. Jasaan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan